BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Disyembre 13, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Maglalabas ang Distrito ng Hangin at mga kasosyo ng komunidad ng burador na plano para pagandahin ang kalidad ng hangin sa Richmond-North Richmond-San Pablo

Imbitado ang publiko na magbigay ng komento tungkol sa mga iminumungkahing pagsisikap na pagandahin ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagbawas sa lokal na polusyon sa hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang paglalabas ng burador na Planong Daan Tungo sa Malinis na Hangin ng Pagbawas ng Mga Emisyon sa Komunidad para sa Malinis na Hangin para sa Richmond-North Richmond-San Pablo. Bukas na ngayon sa publiko ang burador na plano para sa pagsusuri at komento hanggang Enero 19, 2024.

Ginawa ang plano sa pakikipagtulungan sa steering committee na pinangungunahan ng komunidad na kumakatawan sa mga miyembro ng lokal na komunidad, pampublikong ahensiya, at iba pang apektado. Tinutukoy ng plano ang mga napakahalagang alalahanin tungkol sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan at nagbibigay ito ng mga maisasagawang solusyon para matugunan ang mga ito.

“Ang Planong Daan Tungo sa Malinis na Hangin, na ang priyoridad ay katarungan sa kapaligiran, ay magbibigay ng blueprint para maabot ang mga aktuwal na pagpapaganda sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa mga komunidad sa frontline at fenceline ng lugar,” ayon sa tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin na si Dr. Philip Fine. “Ang mga estratehiyang nakabalangkas sa planong ito, na ginawa sa pakikipagtulungan sa Community Steering Committee, ay sasandig sa ilang taon na pagsisikap na alisin ang mga pagkakaiba-iba sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin sa Richmond-North Richmond-San Pablo. Karapatan ng bawat komunidad na magkaroon ng malinis at magandang kalidad na hangin.”

“Nilalayon ng planong ito na tugunan ang kalusugan ng ating mga baga, ang ating hangin, at ang ating klima sa kalaunan,” ayon sa kasamang tagapamuno ng Steering Committee ng Daan Tungo sa Malinis na Hangin na si Alfredo Angulo. “Nagbibigay ito ng boses sa ating mithiin para sa maunlad na Richmond-North Richmond-San Pablo at minamarkahan nito ang bawat hakbang na kinakailangan para sa mas malinis na hangin at mas malulusog na komunidad. Kapag nakikiisa ang mga pampublikong ahensiya sa pag-abot sa mga pangarap ng mga komunidad sa frontline, maganda ang kinahihinatnan.”

Saklaw ng burador na plano ang mga lungsod ng Richmond at San Pablo at ilang hindi kasamang lugar sa Contra Costa County na apektado ng mga pinagmumulan ng emisyon kasama ang pag-refine ng fuel, mga barko, mga terminal sa dagat, mga pang-industriyang pasilidad ng pagmamanupaktura, mga riles ng tren, sasakyan at trapiko sa paglilipat ng kalakal. Ayon sa CalEnviroScreen 4.0, may ilang komunidad sa lugar ng Daan Tungo sa Malinis na Hangin na nasa ika-90 porsyento ng problema sa polusyon, ang ilan sa pinakamatataas ay nasa California. Ipinapakita sa isang pag-aaral ng 2018 Contra Costa Health Services na ang mga rate ng hika sa county ay mas mataas sa karaniwan kaysa sa iba pang bahagi ng estado at partikular na mataas para sa mga bata at Black na residente.

Sa Enero 11, 2024, gaganpin ang virtual na pampublikong workshop, kung saan hinihikayat ang mga miyembro ng publiko na magtanong at magbigay ng komento sa burador na planong PTCA. Para matuto pa, bumisita sa https://www.baaqmd.gov/PTCA-CERP.

Ang Planong Daan Tungo sa Malinis na Hangin ay ginawa bilang pag-aatas ng AB 617, na isang batas ng estado na kinikilala na bagama't nagkaroon na ng malaking pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa California, hindi pantay ang pagkakaroon ng benepisyo sa lahat ng komunidad, at ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, industriya, o iba pang malaking pinagmumulan ng polusyon ay nangangailangan ng karagdagang pagtuon at mapagkukunan para mapababa ang mga antas ng pagkakalantad.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*